**Paunawa ng Pampublikong Pagdinig**
**Community Development Block Grant (CDBG)**
**Magsagawa ng Pampublikong Pagdinig upang Isaalang-alang ang Malaking Amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025, at Pagtibayin ang Pinag-isang Plano ng 2025-2030 at ang Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026**

## Pampublikong Pagdinig #2

**ANG PAUNAWA AY IBINIBIGAY SA PAMAMAGITAN NITO** na ang Konseho ng Lungsod ng Milpitas ay magsasagawa ng isang pampublikong pagdinig sa regular ng pulong ng Konseho ng Lungsod nang personal sa Kamara ng Konseho ng Lungsod sa City Hall, matatagpuan sa 455 E. Calaveras Blvd., Milpitas **sa Martes, Mayo 6, 2025,** magsisimula sa o agad pagkaraan ng 7:00 p.m. Ang layunin ng pampublikong pagdinig ay upang talakayin ang malaking amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 at upang pagtibayin ang Pinag-isang Plano ng 2025-2030 at Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026 . Ito ang ikalawa ng dalawang pampublikong pagdinig para sa pinal na bersiyon ng Pinag-isang Plano ng 2025-2030 at Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026.

## Panahon ng Pagsusuri ng Publiko

Ang BURADOR na mga amyenda sa Pinag-isang Plano ng 2022-2025 at Taunang Planong Aksyon ng 2024-2025 kasama ng BURADOR na mga kopya ng Pinag-isang Plano ng 2025-2030 at Taunang Planong Aksyon ng 2025-2026 ay makukuha para sa pagsusuri nang personal sa front desk sa City Hall at online sa:
https://www.milpitas.gov/475/Community-Development-Block-Grant-CDBG

Ang panahon ng pagsusuri ng publiko at panahon ng mga komento ay mula Marso 21-May 5, 2025.

**ANG MGA INTERESADNG TAO AY M,AAARING** magbigay ng mga komento ng publiko sa panahon ng pampublikong pagdinig nang personal sa pamamagitan ng pagsunod sa mga tagubilin na nakalista sa adyenda ng pulong ng Konseho ng Lungsod o magsumite ng mga nakasulat na komento bago ang pagdinig sa pamamagitan ng pag-email sa Klerk ng Lungsod sa cityclerk@milpitas.gov. Ipinagbibigay-alam na ang mga nakasulat na komento ay hindi babasahin sa pulong. Ang mga nakasulat na komento ay digital na ipapamahagi sa Konseho ng Lungsod at magiging bahagi ng pampublikong rekord ng pulong na ito.

Alinsunod sa Americans with Disabilities Act, ang Lungsod ng Milpitas ay gagawa ng mga makatwirang pagsisikap upang bigyan ng kaluwagan ang mga taong may kapansanan. Kung ikaw ay nangangailangan ng espesyal na kaluwagan, mangyaring kontakin ang Housing Team sa (408) 586-3222, housing@milpitas.gov.

Suzanne Guzzetta
Klerk ng Lungsod
Petsa ng Publikasyon: Marso 21, 2025